## Trump presidency, makabubuti sa Pilipinas



REVANZE

# Sinibak na si Marcoleta sa Kamara

KUNG ang pagsibak bilang chairman at vice chairman ng limang (5) komite na hawak niya sa Kamara ang "gantimpala" sa pagtatanggol niya kay Vice President Sara Duterte, iyon ay maluwag niyang tinatanggap.

Ito ang sinabi ni Sagip Partylist Rep. Rodante Marcoleta matapos nang walang abiso na tinanggal siya bilang miyembro ng committee on appointments, committee on public accounts, energy, justice, at constitutional amendments.

Kandidatong senador si Marcoleta na isang matapat na miyembro ng Iglesia ni Cristo (INC).

Sa nakaraang pagdinig sa Kamara, mariing idinepensa ni Marcoleta na kailangang igalang ang nakagawiang tradisyon ng paggalang sa Office of the Vice President.

Pinansin kasi ng kongresista ang inaakalang di-na-makatwirang pagbusisi kung paano ginastos ni VP Sara Duterte ang pondo ng Office of the Vice President (OVP) at ang Department of Education na pinamunujan noon ng bise-presidente.



**Rep. Rodante Marcoleta**

Ayon kay Marcoleta, nilabag ng House appropriations committee broke ang tradisyon nang tanggihang pagtibayin ang inihaing P2.03-bilyong badyet ng OVP para sa taong 2025.

*Sundan sa pahina 2*



*Congratulations! President-elect Donald Trump withformer First Lady Melanie Trump and son Barron Trump during an election night event on Nov. 6, 2024 in West Palm Beach Florida. Seventy-year-old Trump in his victory speech told the American people that he will bring peace back home. Read the full story, inside, page 2.. /Getty Images*




BANTAY BALITA

NEWS PUBLISHING SERVICES

YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER

ISSN No. 2984-8563

domzcaoile@yahoo.com
taparaneliseo@gmail.com

VOLUME 3 NO. 6 | 10.00 | NOVEMBER 4 - 10, 2024


# OVP nilumpo na!

TULUYAN nang magiging inutil ang Office of the Vice President (OVP).

Mangyayari ito, matapos na tanggapin ng Senado ang mungkahi ng House of Representatives na kaltasan ang hinihinging badyet ng OVP na para sa 2025 budget na P2.037 billion.

P733.2 million na lang ang natira sa badyet ng OVP nang bawasan ito ng P730.963 million.

Ang binawas na badyet ng OVP, ayon sa ulat, ay inilipat sa pondo ng Department of Health (DOH)at ng Department of Social Welfare and Development (DSWD).

Ayon sa kampo ng bise presidente, binawasan ng mahigit sa kalahati ang badyet ng OVP matapos na isnabin ni Duterte ang pagdinig ng House tungkol sa kung paano ginamit nito ang badyet noong 2023 at 2004.

Inakusahan ni Duterte ng panggigipit ang mga mambabatas kahit na mismong ang Commission on Audit ang nagpatotoo na maayos na nagastos ang confidential funds ng OVP.

Ayon kay Senator Grace Poe, chairman ng Senate Finance Committee na ipinasiya na tanggapin ang pagbawas ng House sa badyet ng OVP dahil nabigo si Duterte na isumite ang mga dokumento na magpapakita kung saan gagamitin ang gagastusin ang P2.037 billion.

"So, we decided to retain the General Appropriations Bill (GAB) amount pending submission and review of these documents," sabi ni Poe.

Kung pinal na P733.2 million na lamang ang OVP budget, ito ay gagastusin sa pasahod, pagbili ng mga supplies at iba pang karaniwang gawain ng bise-presidente.

## Karisma ni Mayor Jenny, mahirap tibagin



BUSISIIN NATIN

## Sen. Villar ipina-sasalang sa Ethics Committee



Here n There


## Ipa-impeach na si VP Inday nang mag-kasubukan



MAKIKIRAAN PO!

## ICYMI: DOSTRO2 conducts SalikLakbay in Search for GIs see P.4

# We will bring peace back home: Trump



US President-elect Donald Trump vows to put an end to 'endless wars.'

Securing more than 270 electoral votes needed to defeat Democratic Vice President Kamala Harris, Republican former president Donald Trump has won the White House in what would be the most stunning comeback in US political history.

In his victory speech, Trump promised to bring peace back home. Trump won inn more than half of the 50 US states, including the four key battlegrounds Georgia, North Carolina, Pennsylvania, and Wisconsin, three of which voted Democratic in the last election.

That gave him 276 electoral votes.

Harris has so far captured 219 electoral votes.

Trump, 78, would be the oldest ever president at the time of inauguration.

In his victory speech, he underscored his vision of a “strong America” focused less on intervention and more on peace.

## Sinibak na si Marcoleta... *mula sa pahina 1*

Nauna rito, inakusahan ni Duterte na inaatake siya ng mga kongresista sa utos ni Speaker Martin Romualdez na pinaghihinalaang tatakbong presidente sa 2028.

Sa nakaraang political survey, nananatiling mataas ang trust rating ni Inday Sara kumpara kina Pres. Bongbong Marcos at pinsang buo nito, si Romualdez.

Sa kabila na pinatunayan ng Commission on Audit (COA) na walang anomalya sa paggastos sa pondo ng OVP at DepED, patuloy ang Quad Committee sa pagpîpilit na magbigay na dumalo si Sara sa pagdinig sa Kamara.

## Trump presidency... *from page 8*



**Ted Carranza**



**Kevin Anarna**



**Omil Poblete**

kahina ang mahika ng political clout ni Tatay Digong.

@@@

Sa local political scene, ang inaabangan ng Cavite media ay ang banggaan ng tatlong kandidatong alkalde ng Silang -- ang bagong luklok na alkalde, Ted Carranza na pumalit sa sinuspinde at inalis na si Mayor Kevin Anarna at dating Mayor Omil Poblete.


Sa maraming panayam, sinasabi ni Mayor Kevin na biktima siya ng political harassment, lalo na at hindi siya nabigyan ng due process sa pagkasuspindi at pagkatanggal sa kanya.

Sa aming obserbasyon, malakas ang suporta kay Anarna, kasi, lumalabas na underdog siya na kay-agang inapi ng mga kalaban sa politika.

Open ang pahinang ito sa kampo nina Mayor Ted, at Madam Omil na magbigay ng kanilang komento tungkol sa political issue ng Silang -- na ngayon ay isa sa napakaunlad na munisipalidad sa ating lalawigan.

Any comments, ipadala sa domzcaoile@yahoo.com

# Karisma ni Mayor Jenny, mahirap tibagin




MARAMI ang nagsasabi, hindi pa sa May 12, 2025 ang tamang panahon sa sinomang nais na tibagin si Dasmarinas City Mayor Jenny Austria Barzaga.

Ang dahilan -- angkin pa ng incumbent mayor ang pagmamahal, at karisma ng mga mamamayan ng siyudad.

Saan man magpunta sa iba-ibang barangay ng Dasmarkinas, bukambibig ng mga tao si Mayor Jenny, kasama ang kanyang mga kandidatong konsehal, kongresista at bokal sa Team Dasma.

Mahirap ngang paniwalaan na matatalo ang Team Dasma, kahit sinasabi ng iba na dahil wala na, yumaong si Congressman Pidi Barzaga na hinahangaan at pinangingilagan ng maraming Dasmarinenos, lalo na sa maraming policy at disciplina at patakaran, ito raw ay malaking factor para manalo laban kay Mayor Jenny.

Marami nga ang nagsasabi na kaya raw mas malaki ang nakukuhang boto noon ni Cong. Pidi, ito ay dahil sa karisma, beauty na parang isang sikat na artista ang aming Mayor Jenny Barzaga.

Kita naman, iba talaga ang karisma ni Mayor Jenny, at mahihirapan pa ang sinoman na tibagin ito sa darating na 2025 midterm elections.

@@@



Presenting the new Dasmarinas City Association of Barangay Captains (ABC) president Toto Cantimbuhan.

Our congratulations kay Kap Toto na dahil sa mahusay na pamamahala bilang ama ng kanyang barangay, nakuha rin niya ang pagtitiwala at respeto ng kapwa niya village chiefs ng pinakaprogresibong siyudad ng Dasmarinas City.


Sa susunod nating isyu, ating aalam ang mga plano niya sa samahan ng mga punongbarangay sa lungsod.

Inyo pong abangan.

@@@

Wish me good luck, sabi sa amin ni Dr. Arnel Del Rosario na independent candidate for City Councilor ng Dasmarinas sa 2025.

Marami siyang naiisip na panukala na ihahain sa Sangguniang Panlungsod, ito ay kung palarin siya na manalo, at kamakailan, nakita natin na tila siya ay nagpa-practice sa pagtayo, pagsasalita na para bang may ipinaglalaban siyang panukala sa plenary session ng City Counci.




Iba nga naman ang ngayon pa lamang ay naghahanda na siya, sabi ni Dr. Del Rosario.

Isa sa ipapanukala niya ay ang solusyon sa trapiko sa siyudad upang mabawasan ito lalo kapag rush hours.

"Kailangan natin na gumawa ng alternates routes na magpapagaan sa trapiko," sabi ni Konsehal Arnel.

Kailangan na masolusyonan ang palagi nang problema sa kakapusan ng water supply sa bawat barangay, at ito ay magtayo ng malalaking water tanks at ang paggawa ng water impounding areas.

Itong impounding areas na ito ay lugar kung saan maiipon ang maraming tubig-ulan na imbes na kung saan-saan lamang, sa ilog, sa imburnal at sa mga kanal mapupunta, ay magagamit sa panahon ng dry season o El Nino.

At siya ay magiging mahusay na team player sa sinomang mananalong alkalde ng siyudad dahil, sa paniwala ni Dr. Del Rosario, nasa pagtutulungan, pakikipagkaisa sa pamahalaang lungsod ang mabilis na pag-unlad at maayos na pagbibigay ng serbisyo sa mamamayang Dasmarinenos.

"Ako po ay magiging kaisa, katuwang sa mga polisiya para sa mabuting paglilingkod sa ating mga kababayan," pangwakas na sabi ni Konsi Del Rosario.



## Here n There

★ ELI TAPARAN ii

KUNG may labis na natuwa sa victory ni Donald Trump sa US elections noong Miyerkoles, Nov. 5, si former President Rodrigo Duterte iyon.

Mag-BFF ang dalawa, kaya agad nagpadala ng pagbati si Duterte kay Trump na sinabi na ang g panalo nito ay magbibigay ng bagong sigla at lakas sa mamamayang Amerikano.

"I look forward to the success of your administration and to our shared aspirations for greater peace and prosperity for our countries and peoples," sabi ni FPRRD sa kanyang social media page -- na may kasamang litrato nila ni Trump.

Naging maganda ang relasyon ng dalawa sa unang presidency ni Donald, at personal pang dumalaw kay Digong noong 2017.

Ito ang ilang reaksiyon sa panalo ni Trump:

Sabi ni Law Dean Mel Sta. Maria, kailangan na raw maghanap ng bagong kakampi si PBBM sa laban nito sa China, kasi, sa Trump presidency, magiging walang kuwentang superpower ang US.

Sa victory speech ni Trump, sinabi niya na ipatitigil niya ang giyera sa mundo -- pauwiin kaya ang mga sundalong Kano sa nagkalat na EDCA sites sa Pilipinas?

Sabi naman ni House Speaker Martin Romualdez, umaasa siya na uunahin ni Trump ang maritime security, regional security at paiigtingin ang defense treaty sa PH.

Gayundin ang paniniwala ni Executive Sec. Lucas Bersamin na magpapatuloy raw ang malakas na ugnayan ng Pilipinas at US.

@@@

# Sen. Villar ipinasasalang sa Ethics Committee



*Sa lumang litrato na ito, nag-uusap si noon ay Pres. Donald Trump at nooy ay Pres. Rodrigo Duterte. Kinikilala ni Trump na kanyang BFF si Duterte.*

In hot water ngayon si Lola Cynthia Aguilar Villar at malamang daw, ang senadora ay mabutata, at matalo sa kandidatura sa pagka-kongresista ng Las Pinas City.

Kasi ang daming negative issues versus sa 74-year old lawmaker na putok na putok at patok na patok sa Las Pinas residents.

Ngayon ay may request si Las Pinas City Top Councilor Mark Anthony Santos na kung maaari ay y isalang si Lola Cynthia sa Senate Committee on Ethics and Privileges kaugnay ng ilang insidente ng sinasabing ugaling matapobre at di-kagalang-galang na kilos bilang isang mambabatas.

Ayon kay Santos -- na kalaban ni Lola Cynthia sa pagka-kongresista ng Las Pinas -- parang wala raw natutuhang good manners and right conduct (GMRC) ang senadora?

Binanggit ni Santos na noong Marso 2013, minaliit ni Villar ang kakayahan ng Filipino nurses sa abroad nang sabihin: " Ang sinasabi namin sa kanila na 'actually, hindi naman kailangan ng nurse ms matapos ng BSN (BS Nursing). Kasi itong mga narses, gusto lang nilang maging room nurse."

Siyempre, nagalit ang mga narses natin, pati ang kanilang mga magulang, aba, hindi biro ang mag-aral ng 4 na taon para maka-graduate at maging licensed and registered nurse (RN) at sa ibang bansa, bago maging practicing nurse, balik-aral sila at kailangan pa ang mahabang experience, tapos iismolin lang ni Honorable Villar

Sa takot na matalo sa pagkandidato sa Senado, napilitan mag-apologize si Villar.

Pero ang pagiging matapobre raw ng senadora ay hindi tumigil, ayon kay Konsehal Santos, kaya nag-request na isalang si Donya Cynthia sa immediate investigation ng Ethics Committee na hawak ni Sen. Francis 'Tol' Tolentino.

Wika ni Santos, sa maraming pagkakataon, nagpakita si Madam Cynthia ng "unparliamentary conduct and language," tulad ng ginawa nitong pagkurot sa isang inosenteng tauhan kamakailan.

Naging viral iyon sa social media at may isa pang insidente na napanood sa Tiktok at lumabas sa newspapers ang maraming pagkakataon na inaway ng senadora ang security guards sa BF Homes sa Las Pinas City.

Sabi ni Santos itong Senate Committee on Ethics and Privileges na hawak ni Sen. Tolentino ay taga-disiplina at tagasupil sa nakikitang masamang ugali ng isang miyembro ng Senado.

May mandato ang Senado na magpataw ng disiplina at kumondena sa mga ugaling di-maayos na naipakikita sa publiko ng kanilang kapwa senador.

Sa reklamo ni Santos, siyam (9) na ulit na nakita ng publiko ang pinaniniwalaang magaspang na ugali, asal, kilos at mahayap na pagbibitaw ng salita ni Sen. Villar sa kapwa niya public servant, kapitbahay, mga opisyal ng homeowner sa Las Pinas, at kahit sa maliit na sekyu.

Pinag-usapan sa social media, sa mga pahayagan ang pagmamaliit, ugaling matapobre ng senadora, ayon kay Santos.

Noong Setyembre, naging viral ang isang video na nakitang pinisill at pinilipit ni Villar ang kaliwang kamay ng isang di-nakilalang lalaki habang palapit sa isang mesa na kinaroroonan ng mga opisyal ng barangay.



**Sen. Cynthia Villar**

Naging balita iyon sa broadsheet newspaper Daily Tribune at naging viral video sa Tiktok.

Binara si Sen. Raffy Tulfo si Villar ang parunggit ni Villar tungkol sa isyu ng pagbili ng agricultural land na kino-convert na subdivision, condo at commercial lots.

Sabi ng senadora: "We only buy in cities and capital towns."

Tapos, noong Okt. 22, inismol ni Villar ang mga magbubukid nang sabihin nito: "Huwag niyong iaasa sa farmers at fisherfolk, kasi sila hindi naman nila naiintindihan 'yang climate change."

"Senators, congressman and mayor as public officials, are expected to uphold ethics and proper conduct," sabi ni Santos.

Sabi nga, "Public office is public trust."

Sabi ng isa sa apat na sekyu na hinamak ng senadora: "Porke ba mahirap kami ay kinakayaya ng isang bilyonaryong senador."



**Councilor Mark Anthony Santos**


Sabi ni Santos, only in the Philippine Senate lang daw makakikita ng isang senador na pumapatol sa mga pobreng security guards at ordinaruong manggagawa.



**Sen. Francis Tolentino**

Nag-aantay si Santos kung ano ang sagot ni Sen. Tol sa request niya na isalang sa Ethics Committee si Sen. Villar.

Any comments, ipadala sa taparaneliseo@gmail.com




*ANO po, PNP chief Rommel Marbil? Hindi adik ang gumagamit ng bawal na gamot? To our readers, please send any comments re,this controversial statement of the police general. Ipadala lamang sa domzcaoile@yahoo.com at sa taparaneliseo@gmail.com Gracias!*

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com
bantaybalitanews59@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

**HENRY E. CAOILE**
*Founder*
**DOMZ B. CAOILE**
*Publisher*
**ELI TAPARAN II**
*Editorial Consultant*
**ADELA R. ZAMORA**
*Special Projects Director*
**JANETH W. BILBAO**
*Circulation Manager*
**GENE T. TAN**
*Chief of Reporters*

member PAPI Publishers Association of the Philippines Inc.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*







# Anti-Drug Abuse Councils, ilang Barangay Tanod, kinilala ng DDB

NAPAKAHALAGA ng kontribusyon ng ilang municipal at city Anti-Drug Abuse Councils (ADACs) at mga Barangay Peacekeeping Action Teams (BPATs) mula sa iba't ibang bahagi ng Calabarzon sa paglaban sa pagkasugapa at ilegal na negosyo ng droga.

Sa seremonyang ginanap kamakailan na sinaksihan nina Dangerous Drug Board (DDB) Executive Director Usec. Earl Saavedra, PDEA IV-A Regional Director Atty. Jacquelyn L De Guzman, at mga opisyal ng PRO IV-A, binigyang halaga ng DDB at PDEA ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga lokal na pamahalaan hanggang sa mga barangay upang tuluyang masugpo ang paggamit at pagbebenta ng ilegal na droga.

Ilan sa mga binigyang pagkilala ang mga ADACs ng bayan ng Lopez, Quezon; Nasugbu, Batangas; Tanza, Cavite; at mga lungsod ng Calaca, Batangas; San Pablo, Laguna; at Imus, Cavite, na mga lokal na pamahalaan na nakapagtala ng pinakamaraming drug-cleared barangays.

Sinabi ni Saavedra na mahalaga anmg magkaroon ng maayos na pasilidad para sa drug treatment and rehabilitation sa mga lungsod at munisipalidad.

Dagdag pa niya, kailangan din na magkaroon ng maayos na sistema ng diagnosis at referral system para sa mga naging biktima ng paggamit ng ilegal na droga. /PIA Cavite

# Pumatay sa katrabaho nadakip na

SA tulong din ng kanyang mga kaanak, nadakip ang suspek na pumatay sa katrabaho nito noong Oktubre 31 sa Carmona City, Cavite.


Napatay si Jayvon Nuevo, 22-anyos, isang katulong sa konstrusyon, ng Barangay Milagrosa, Carmona matapos makipagtalo sa suspek, na di muna pinangalanan, matapos na mag-inuman.

Sa ulat ng imbestigador kay Lt. Col. Jack Angog, Carmona City Police Station chief, namatay si Jayvon na nagtamo ng 12 saksak sa iba't ibang parte ng katawan matapos maisugod sa ospital.

Noong Linggo, Okt. 3, natunton ang suspek sa pinagtataguan nito sa Camarines Sur. /JW Bilbao



Lt. Col. Jack Angog




# ICYMI: DOSTRO2 conducts SalikLakbay in Search for GIs

CABARROGUIS, Quirino - DOST Region 02 thru the Provincial Science and Technology Office Quirino searches Grass Innovations for GRIND Project in partnership with the Local Government Unit of Cabarroguis.

Ms. Rowena Guzman, Science Research Specialist II and GRIND focal person discussed the GRIND PROGRAM to processors and manufactures from the 17 barangays of Cabarroguis.

The GRIND program or Grassroots thru Science Technology and Innovation for Inclusive Development aims to provide opportunities for overall growth by utilising community led-solutions geared for sustainable development.

To identify GI, Ms. Guzman conducted a focus group discussion to identify current products made by "kailyan" to be assessed for possible GI and were validated thru Saliklakbay.

Meanwhile, Ms. Lhea V. Seculles discussed DOST Programs and Project to further enlighten the participants on DOSTs initiatives in the province.

Four possible GIs were identified for the province of Quirino.





# Ulong pugot, nakita sa tabing daan

INAALAM pa ng pulisya ang pagkakakilanlan ng isang pugot na ulo ng lalaki na natagpuan noong Linggo, Nob. 3 sa tabing daan ng Governor's Drive sa Barangay Tanauan, Tanza, Cavite.

Ayon sa pulisya, binalutan ng packing tape ang pugot na ulo ng biktima.

Posible na pinatay ang biktima sa ibang lugar at saka itinapon ang pinugot na ulo sa naturang lugar. /JW Bilbao

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
FOURTH JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
NAIC, CAVITE
rtc1nacocc@judiciary.gov.ph
0915-620-0438

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (PAG-IBIG FUND),**
Mortgagee,

-versus-

**FNC-2024-136**
For: Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage under Act 3135, as Amended by Act 4118

**JUANITO BANTILING NOVIDA III,**
Mortgagor.
x--------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon Extra-judicial foreclosure sale under Act 3135, as Amended by Act No. 4118, filed by Mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (PAG-IBIG FUND),** a government financial institution duly organized and existing under and by virtue of Republic Act No. 9679 with principal office and place of business at The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City, pursuant to the terms and conditions of the Loan and Mortgage Agreement ("MORTGAGE") executed and notarized on June 18, 2015 by Mortgagor, **JUANITO BANTILING NOVIDA III, married to JONALYN BAUTISTA NOVIDA,** both of legal age, Filipino, with residence and postal address at 556 MONTANA ST., SAMPALOC, METRO MANILA in favor of the Mortgagee, over a real estate property including improvements thereon, described in and covered by TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2016032047 of the Registry of Deeds for Province of Cavite, in order to satisfy the outstanding loan obligation of the Mortgagors in the amount of TWO HUNDRED EIGHT THOUSAND SIX HUNDRED FIFTY-THREE PESOS AND 26/100 (P 208,653.26), inclusive of interest, penalties and other charges, as of JUNE 25, 2024, the undersigned Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Cavite thru his deputy, Leonelle E. Mendoza, will sell at public auction on November 13, 2024 at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, at the Office of the Ex-Officio Sheriff at the Hall of Justice formerly Mayor Macario B. Pena Memorial Hall, Naic, Cavite, to the highest bidder, for Cash or Manager's Check and in Philippine Currency, the following property with all its improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE
NO. 057-2016032047
Registry of Deeds for Province of Cavite**

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in BARANGAY OF TIMALAN, MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON, bounded and described as follows:

A PARCEL OF LAND (LOT 97 BLOCK 5 OF THE CONS. SUBD. PLAN PCS-04-024695, BEING A PORTION OF LOT 2968-C, PSD-04-199019 AND LOT 2969-B, PSD-04-199021, L.R.C. RECORD NO. _), SITUATED IN BARANGAY TIMALAN, MUNICIPALITY OF NAIC, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON, BOUNDED ON THE NW ALONG LINE 1-2 BY LOT 98 BLOCK 5; ON THE NE ALONG LINE 2-3 BY FOOTPATH 7; ON THE SE ALONG LINE 3-4 BY LOT 96 BLOCK 5; AND ON THE SW ALONG LINE 4-5 BY LOT 109 BLOCK 5 AND ALONG LINE 5-1 BY LOT 108 BLOCK 5, ALL OF THE CONS. SUBD. PLAN. BEGINNING AT A POINT MARKED "1" ON PLAN, BEING S 58 DEG. 44'E, 2242.89 M. FROM MON. NO. 17 NAIC ESTATE, THENCE; N 70 DEG. 21'E, 9.00 M. TO POINT 4; N 19 DEG. 39'W, 2.62 M. TO POINT 5; N 19 DEG. 39'W, 1.38 M. TO POINT OF BEGINNING, CONTAINING AN AREA OF THIRTY SIX (36) SQUARE METERS. ALL POINTS REFERRED TO ARE INDICATED ON THE PLAN AND ARE MARKED ON THE GROUND BY P.S CYL. CONC. MONS. 15X40 CMS.; BEARING TRUE; DATE OF ORIGINAL SURVEY: JULY 7, 1931 AND THAT OF THE CONS. SUBD. PLAN EXECUTED BY EDGARDO A. AGBADA, GEODETIC ENGR. ON APRIL 1-15, 2008 AND WAS APPROVED ON OCTOBER 22, 2008.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on November 20, 2024 without further notice.

Prospective bidders or buyers are hereby enjoined to investigate and verify for themselves the TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2016032047, the encumbrances thereon, if any there be.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

Naic, Cavite, Philippines, October 08, 2024.

**(Sgd.) REUEL SANTOS JIMENEZ**
Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff

**(Sgd.) LEONELLE E. MENDOZA**
Sheriff-In-Charge

***WARNING:*** *IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVE, DEFACE OR DESTROY THIS NOTICE OF SHERIFF'S SALE ON OR BEFORE THE DATE OF THE AUCTION SALE UNDER THE PENALTY OF LAW*

Copy Furnished:

**MARIA VICTORIA D. CAPIRAL
c/o ATTY. PAULINO E. CASES, JR.**
Cases Chun & Associates Law Offices
6th flr. JELP Business Solutions Bldg., 409 Addition Hills, Shaw Blvd., Mandaluyong City

**JUANITO BANTILING NOVIDA III**
556 Montana St., Sampaloc, Metro Manila and/or Lot 97, Block 5, Phase 3A, Ciudad Nuevo, Barangay Timalan, Naic, Cavite

***BANTAYBALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
OCTOBER 21, 28 & NOVEMBER 4, 2024***

# Ipa-impeach na si VP Inday nang magkasubukan



**MAKIKIRAAN PO!**
★ Janet W. BILBAO

I agree, nakakainis ang ginawa ng Senado, lalo na si Sen. Grace Poe na basta na lang tinanggap ang pagkaltas ng House sa Office of the Vice President (OVP) budget for 2025.

Disappointing, sabi nga ni Atty. Vic Rodriguez na sobrang hirap ang ginawa para maipanalo si Pres. Bongbong Marcos na basta na lang itinapon dahil sa gawa-gawang intriga.

Tinapyas ng tropa ni Speaker Martin Romualdez ang badyet ni VP Sara Duterte kasi raw hindi maipaliwanag kung saan ginastos ang confidential at intelligence fund noong 2023.

E, paulit-ulit na sinabi ng Commission on Audit (COA), lahat ng pondo ng OVP, maayos na nagastos at nasuportahan ng mga resibo at dokumento ni VP Inday, pero ang sinabi ng COA, ayaw tanggapin ng House, aba, mas marunong pa yata silang mag-audit kaysa State Auditors natin.

E, sila nga, hindi ino-audit ang bilyones na taxpayers, kasi okay lang sa COA ang joint resolution ng Kamara at Senado na na pwede na ang liquidation by certification only.

Ibig sabihin, wala nang ipakikitang resibo, dokumento o anomang papeles ang mga kongresista at senador, basta gagawa lang sila ng sulat at certification na sinasabi, tama, maayos at walang anomalya sa paggastos ng billions of pesos na confidential, intelligence funds.

Kaya kahit kunwari may project sila na ginastusan ng P100 million pero wala naman, basta ise-certify lang nila, na walang korapsiyon, tatanggapin na ng COA.

Kaya raw okay ang pagkaltas sa OVP, budget, sabi ni Poe, kasi raw, hindi nag-submit ng documents na kailangan nila si VP Sara, e may mga kopya naman sila ng audit report ng COA na walang anomalya sa paggastos ng OVP.

Tama ang sinabi ni VP Inday, tanging sina Speaker Martin Romualbez at Ako Bicol Partylist Rep. Rizaldy Co na chairman of House Appropriation Committee ang may kontrol sa badyet ng Pilipinas.

Ang natira na lang sa OVP budget ay more or less P733 million at kinaltasan ng P1.3 billion, ay ano na lang ang gagawin ni Inday Sara, wala, mauupo na lang ba siya sa kanyang opis?

Pero hindi iyon ang sabi niya, at kahit pansuweldo, pambili ng supplies at iba pang regular na gastos sa opisina, tatakbo ang OVP.

Ay ginagawa nilang martir si Inday Sara na sa lahat ng political surveys, laging Top No. 1 at si Martin, kahit mamigay ng P1 billion a day na ayuda, kulelat at walang nagmamahal.

Kahit walang ebidensiya ng korapsiyon pilit na gumagawa ang Quad Committee para ma-impeach si VP, pero mangyari naman kaya ang balak nila, lalo na at nagpapakita ng galit ang taumbayan.

Yung P500 billion na inubos daw sa flood control project, nakita natin sa tatlong magkakasunod na bagyong Carina, Kristine at Leon, lumalabas na kung may kontra baha ngang ipinagawa, substandard na ay halatang ang kontratista at ang lawmakers na nagpondo ay sa bulsa nila napunta.

Iyon ang dapat imbestigahan kung totoo ang sinasabi ng Quad Comm na dapat tingnan kung saan napupunta ang bawat sentimo ng pera ng bayan.

Halatang sila ang nakinabang sa P500 billion, kayoa bakit nila uusisain ang sarili nilang korapsiyon.

E, sa nakaraang tatlong bagyo, apat bago humagupit ang bagyo at magpabaha, nakahanda na ang OVP sa relief goods at ang mga satellite offices, may nakaabang nang rescue and retrieval operations.

E, ang Malacanang, nakita naman natin ang trending video sa Cabinet meeting, nagkakamot ng ulo ang ating Pangulong Bongbong Marcos at tinanong ang mga kaharap, ano raw ba ang gagawin?

Sabi ay aantayin na lang humupa ang bagyo at lumiit ang baha, saka magpapadala ng tulong, ito ay habang nalulunod, nagugutom at may namamamatay na biktima ni Kristine.



Sa kalupitan ng bagyo, OVP lang ang nakikitang nagtatrabaho at gumagawa ng relief at rescue operations at ang Malacanang, nag-iisip ng kung ano ang gagawin, at ang House, panay ang hearing ng Quad Comm at ang Senado para imbestigahan daw ang EJKs ng war on drugs ni dating Pres. Digong Duterte at hanapan ng butas para ipa-impeach si VP.

Eto ang sabi ni Atty. Rodriguez sa dahilan ng pagtapyas sa budget ni Inday Sara.

"We all know why the OVP budget was emasculated. Stripped of the legal niceties, the budget slash was a foregone conclusion. It is not because of any shortcoming or anomaly that it has done - because there is none - but because Vice President Duterte poses a threat to the Marcos administration and to Speaker Martin Romualdez who wants to succeed his cousin."

